



California's Protection & Advocacy System

# Pag-access sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Taong may mga Kapansanan sa ilalim ng ADA at iba pang Batas ng mga Karapatang Sibil

---

*Setyembre 2013, Pub. #5531.08 – Tagalog*

1. [Paano kung gagamit ako ng wheelchair, andador, o mga saklay at hindi makapasok sa tanggapan ng aking doktor?](#)
2. [Paano naman ang pisikal na pag-access sa medikal na kagamitan at mga silid ng pagsusuri?](#)
3. [Maaari ko bang isama ang aking hayop na pangserbisyo sa aking appointment?](#)
4. [Bingi ako, paanong mahalagang makipag-ugnayan sa akin ang aking mga provider ng pangangalagang pangkalusugan?](#)
5. [Bulag ako o mahina ang paningin, paano akong makakukuha ng impormasyon mula sa aking mga provider sa pangangalagang pangkalusugan?](#)
6. [Paano kung mayroon akong kapansanan sa kalusugan hinggil sa pag-iisip o iba pa, maaari ba akong humiling ng ibang pagbabago para matulungan akong ma-access ang aking pangangalagang pangkalusugan?](#)
7. [Anu-ano ang ilang halimbawa ng diskriminasyon na kaugnay sa kapansanan na maaaring malabag ang ADA o Seksyong 504?](#)

8. [Ano ang gagawin ko kung nahihirapan ako sa pag-access sa aking mga provider ng pangangalagang pangkalusugan o health care plan sanhi sa aking kapansanan?](#)
9. [Saan ako maaaring maghain ng reklamo kung hindi ko ito malulutas?](#)
10. [Saan ako maaaring kumuha ng marami pang impormasyon o ayuda kung kailangan ko ng tulong sa pag-access sa pangangalagang pangkalusugan?](#)

## INTRODUKSYON

Ang brochure na ito ay nagtutuon sa mga karapatan ng mga tao na may mga kapansanan kapag ina-access ang pangangalagang pangkalusugan. Kasama sa pag-access ang: mga pasilidad, serbisyo, at impormasyong hinahandog ng tanggapan ng doktor, ibang medikal na provider at mga insurance plan. Sa karamihan ng taga-California, ibinibigay ang mga medikal na serbisyo alinman sa pamamagitan ng pampublikong entidad, tulad ng isang county, o sa pamamagitan ng Managed Care, kung saan ay isang network ng mga provider na pinapangasiwaan ng isang umbrella na korporasyon o ahensya. Kapag nagbibigay ng mga serbisyong Medi-Cal, ginagawa ito ng Managed Care Organizations sa ilalim ng kontrata sa Estado at/o gobyerno ng county. Ang lahat ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ay pinagbabawalan sa pagdidiskrimina laban sa mga taong may mga kapansanan at dapat mabigay ng access sa sari-saring paraan.

Ang pangunahing mga batas pederal na nagpoprotekta sa iyong mga karapatan ay ang **Americans with Disabilities Act (ADA)** at **Seksyon 504 ng Rehabilitation Act** (Seksyon 504). Ang pribadong pag-aari at pinatatakabong mga ospital o mga medikal na tanggapan ay nasasaklawan sa ilalim ng Title III ng ADA dahil ang mga ito ay “mga pampublikong akomodasyon.” Ang mga medikal na pasilidad na pinapatakbo ng mga lupon ng gobyerno tulad ng county o iba pang pampublikong ospital, klinika at mga medikal na tanggapan ay nasasaklawan sa ilalim ng Title II ng ADA, dahil ang mga ito ay pampublikong entidad. Sinasaklawan ng Seksyon 504 ang mga medikal na provider na tumatanggap ng tulong hinggil sa pananalapi ng pederal, tulad ng Medicare o Medi-Cal.<sup>i</sup> Mayroon ding katulad na mga probisyon ng batas.<sup>ii</sup>

## **Pangkalahatang mga Probisyon**

Ang parehong Title II at III ng ADA at Seksyon 504 ay inuutos na magkaloob ang mga provider ng pangangalagang medikal sa mga indibidwal na may mga kapansanan:

- **Ganap at patas na pag-access** sa kanilang mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan at mga pasilidad;
- **Mga makatwirang pagbabago** sa mga patakaran, kasanayan, at mga pamamaraan kapag kinakailangan para gawing mas naa-access ang mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan; at,
- **Mabisang komunikasyon, kabilang ang mga karagdagan bilang pantulong na ayuda at mga serbisyo**, tulad ng probisyon ng mga interpreter ng sign language o nakasulat na mga materyales sa mga format na alternatibo.<sup>iii</sup>

Gayunman, ang pagtanggap magkaloob ng akomodasyon sa isang taong may kapansanan ay hindi isang paglabag sa ilalim ng ADA kung ang pagbabago ng gusali o serbisyo ay magreresulta sa “hindi kailangang paghihirap” sa provider ng pangangalagang pangkalusugan.<sup>iv</sup> Maaaring tasahan ng provider kung kinakailangan man o hindi ang pagbabago o makatwiran ang hiniling sa pamamagitan ng pagpapasya kung ito ay magiging isang napakahalagang pagbabago sa programa na magreresulta sa makabuluhang kahirapan o gastos..

## **Paano kung gagamit ako ng wheelchair, andador, o mga saklay at hindi makapasok sa tanggapan ng aking doktor?**

Kung ang gusali o pasilidad na sinusubukan mong gamitin ay bagong tayo o binago, kailangan nitong tumalima sa mga batas ng pederal at estado na inuutos ang pisikal na napapasok. Ang mga kailangan sa pagpasok ay nakadetalye sa batas at mga regulasyon.<sup>v</sup> Ipinag-uutos nila ang naa-access na mga daanan ng biyahe, mga elevator, rampa, pintuang madaling bumukas, naaabot na mga switch ng ilaw, naa-access na mga banyo, naa-access na parking at palatandaan na maaaring magamit ng mga indibidwal na bulag o may mahinang paningin.<sup>vi</sup>

Ang mga gusaling hindi binago magmula noong 1990 ay sasailalim sa mga ipinag-uutos na pagka-naa-access para sa mga umiiral na gusali. Dapat tiyakin ng provider sa pangangalagang pangkalusugan ng gobyerno (sa ilalim ng Title II) na naa-access ang programa nito sa kabuuan. Maaaring

kasama dito ang paggawang pisikila na naa-access ang gusali, inaalís ang mga arkitektural na hadlang o paglilipát ng mga serbisyo sa isang naa-access na lokasyon sa isang batayan na pansamantala o permanente. Ang mga pribadong provider ng pangangalagang pangkalusugan (sa ilalim ng Title III) ay ipinag-uutos na tanggalin ang mga arkitektural na hadlang kung saan ang naturang pagtatanggal ay kaagad na matatamo, o madaling maisasagawa nang walang masyadong kahirapan o gastos. Sa alternatibo, kailangan nilang gumawa ng ibang kaayusan, muli sa kundisyon na kaagad itong matatamo.<sup>vii</sup> Maaaring ang mga halimbawa ay pagpapanatiling maaliwalas sa mga hadlang ang mga daanan ng biyahe o pag-aalok ng appointment ng pangangalagang pangkalusugan sa isang alternatibong naa-access na lokasyon.

### **Paano naman ang pisikal na pag-access sa medikal na kagamitan at mga silid ng pagsusuri?**

Sinasabi ng mga alituntunin ng U.S. Department of Justice (DOJ) na karaniwang **hindi katanggaptanggap** para sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na tanggihan ang paggagamot sanhi sa isang hindi naa-access na mesa ng pagsusuri, hindi naa-access na medikal na kagamitan o dahil sa alalahanin na maaaring mapinsala ang kawani kung tutulong sila sa paglipat ng pasyente na may kapansanan sa pagkilos. Inuutusan ng DOJ ang mga medikal na provider na magbigay ng naa-access na kagamitan at gumamit ng lift o sinanay na kawani hangga't kinakailangan para matiyak ang pantay na pag-access sa medikal na eksaminasyon at mga pagsusuri.<sup>viii</sup>

### **Maaari ko bang isama ang aking hayop na pangserbisyo sa aking appointment?**

Oo. Inuutusan ng ADA ang parehong pampubliko at pribadong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan para pahintulutan ang isang tao na may kapansanan na masamahan ng kanyang hayop na pangserbisyo. Ang mga entidad ay maaaring makagawa ng mga limitadong pagtatanong hinggil sa pangangailangan ng hayop na pangserbisyo ngunit hindi maaaring magtanong tungkol sa kapansanan ng indibidwal. Gayunman, may ilang paghihigpit sa mga hayop na pangserbisyo. Ang hayop ay kailangang maging isang aso o maliit na kabayo at iba pang hayop ay karaniwang hindi pinapahintulutan. Ang hayop ay dapat na indibidwal na sanayin para gumawa ng trabaho o magsagawa ng mga gawain na direktang nauugnay sa kapansanan ng tao.

Bilang halimbawa, maaaring gumamit ng aso ang isang binging indibwal para alertuhan siya sa mga tunog, karamihan sa taong bulag ay gumagamit ng mga aso para tumulong sa oryentasyon, at ang mga taong may mga kapansanan sa pagkilos ay maaaring gumamit ng aso para kumuha ng mga bagay o humila ng wheelchair. Ang taong may epilepsy o isang kundisyon kaugnay sa pagkagulat ay maaaring gumamit ng aso para balaan siya tungkol sa paparating na insidente. Gayunman, sa ilalim ng ADA, ang hayop na ginagamit para sa kaginhawahan, therapy, o emosyonal na suporta ay hindi natutugunan ang kahulugan ng isang hayop na pangserbisyo at mapapahintulutan lamang bilang isang makatwirang akomodasyon sa mga limitadong pagkakataon.<sup>ix</sup>

### **Bingi ako, paanong mahalagang makipag-ugnayan sa akin ang aking mga provider ng pangangalagang pangkalusugan?**

Sa ilalim ng ADA, dapat magbigay ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ng **mabisang ugnayan** para sa mga pasyente, mga miyembro ng pamilya, at mga panauhin na mga bingi o hirap sa pagdinig gamit ang **mga karagdagan bilang pantulong na ayuda at mga serbisyo**. Yayamang gumagamit ang mga taong bingi o hirap sa pandinig ng sari-saring paraan para makipag-ugnayan, ang pamamaraan na dapat ibigay ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ay mag-iiba-iba depende sa mga kakayahan ng indibidwal, ang kanyang mga mas gusto sa pakikipag-ugnayan, at ang kasalimuotan at likas na kalagayan ng kinakailangang pakikipag-ugnayan.<sup>x</sup> Ang pamamaraan ng pakikipag-ugnayan na hinihiling ng taong may kapansanan ay dapat mabigyan ng prayoridad ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Kasama sa mga karagdagan bilang pantulong na ayuda at mga serbisyo ang kagamitan o mga serbisyo tulad ng karapat-dapat na mga interpreter ng sign-language, pantulong na mga aparato sa pakikinig, tagakuha ng tala, nakasulat na materyales, mga pang-decode na telebisyon, mga pang-decode ng nakapinid na paliwanag, at pagpapaliwag sa aktuwal na oras.<sup>xi</sup>

Bilang halimbawa, ang mabisang pakikipag-ugnayan ay maaaring maging:

- Pagpapalitan ng mga tala o pagturo sa mga bagay na nasa gift shop ng ospital o bilang tugon sa isang katanungan ng isang panauhin tungkol sa numero ng silid ng pasyente. Gayunman, ang mga tala ay maaaring hindi maging mabisa para sa isang pasyente kapag ang ugnayan ay sa pagitan ng medikal na provider at ng pasyente.

- Nakasulat na mga form o mga papel ng impormasyon sa mga sitwasyon kung saan ay maaaring hindi kailangan para sa sobrang interaksyon, tulad ng billing o impormasyon ng insurance o mga form ng medikal na history;
- Probisyon ng isang karapat-dapat na interpreter ng sign language o iba pang interpreter para sa talakayan ng mga sintomas o impormasyon ng paggagamot sa pagitan ng pasyente at ng kanyang doktor o mga magulang/tagapag-alaga ng isang menor-de-edad at ng doktor ng menor-de-edad, o para sa grupong therapy<sup>xii</sup>; at
- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa pangangalaga sa sarili pagkatapos ng procedure sa sign-language sa isang DVD o format na pag-stream ng video.

Hindi ka maaaring singilin ng provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan sa pagbibigay ng mga serbisyo ng interpreter ng sign language.<sup>xiii</sup> Hindi naaangkop na hilingan ang isang miyembro ng pamilya o iba pang kasama para mag-interpret para sa isang bingi o hirap sa pagdinig na pasyente dahil ang sitwasyon ay maaaring maging pribado, sobrang emosyonal, o maaaring walang angkop na lebel ang miyembro ng pamilya sa mga kasanayan ng pakikipag-ugnayan para sa sitwasyon. Bilang karagdagan, ang kakayahan na **tawagan ang iyong provider sa telepono** ay mahalaga rin. Dapat magbigay ang iyong provider ng pag-access sa telepono sa pamamagitan ng TTY o video o iba pang relay na serbisyo. Maaaring may karagdagang kinakailangan para magkaloob ng mga biswal na alarma at pag-access sa pampublikong telepono sa ilang kaligiran.<sup>xiv</sup> Ang simpleng pagkislap ng ilaw sa isang silid ng eksaminasyon ay magalang na aabisuhan ang pasyenteng nagpapalit na papasok na sa silid ang provider.

## **Bulag ako o mahina ang paningin, paano akong makakukuha ng impormasyon mula sa aking mga provider sa pangangalagang pangkalusugan?**

Sa ilalim ng ADA, dapat magkaloob ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ng **mabisang ugnayan** para sa mga pasyente, mga miyembro ng pamilya, at mga panauhin na mga bingi o may kahirapan sa pagdinig. Maaaring kasama sa mga serbisyong ito ang mga tagabasa, naka-tape na mga text, materyales ng Braille, pagbili o pagbabago ng kagamitan, o iba pang mabisang pamamaraan ng paghahatid ng impormasyon.<sup>xv</sup> Ang lahat ng impormasyong karaniwang ginagawang

available sa print ay dapat maging mabisang naiuugnay, kabilang ang pangkalahatang gabay sa kalusugan, impormasyon ng side effect, mga invoice ng billing, at mga paalala ng appointment. Ang ibang halimbawa ng karagdagan bilang pantulong na ayuda at mga serbisyo ay:

- Tulong sa pagbasa at pagkumpleto ng pagpasok at mga form ng pahintulot, o pagbasa sa impormasyon ng pagpapalabas, mga pangalan ng pagbabago at mga dosis;
- Pagkakaloob ng mga materyales ng text sa isang format na naa-access, elektroniko;
- Pagbibigay ng mga dokumento sa Braille o audio;
- Pagbibigay ng Braille-output na TTY sa isang pasyente na pipi at bulag; o,
- Ginagawang naa-access ang mga website ng healthcare plan.<sup>xvi</sup>

Tandaan: hindi maaaring utusan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang isang taong bulag na magsama siya ng isang tao para mag-interpret o magpabilis ng ugnayan.

### **Paano kung mayroon akong kapansanan sa kalusugan hinggil sa pag-iisip o iba pa, maaari ba akong humiling ng ibang pagbabago para matulungan akong ma-access ang aking pangangalagang pangkalusugan?**

Oo. Nagbibigay ng proteksyon ang ADA sa diskriminasyon para sa mga taong may lahat ng uri ng kapansanan, kabilang ang mga taong may mga kapansanan sa pisikal, pagbibigay katalusan, pakikipag-ugnayan at kalusugan hinggil sa pag-iisip. Ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat gumawa ng “makakatwirang pagbabago sa mga patakaran, kasanayan, at mga pamamaraan” kapag kinakailangan para maiwasan ang diskriminasyon sa batayan ng kapansanan, hanggang sa makapagpapamalas ang provider na ang paggawa ng pagbabago ay “mahalagang mababago ang likas na kalagayan ng serbisyo, programa o aktibidad.” Nangangahulugan ito na dapat magsagawa ng mga pagbabago ang entidad sa paraang gumagawa ito ng negosyo para matulungan ang mga taong may mga kapansanan sa maraming uri ng sitwasyon, bilang halimbawa:

- Mag-ukol ng karagdagang panahon para ipaliwanag ang isang pamamaraan sa isang pasyente na mayroong kapansanan sa

- pagbibigay katalusan at maaaring may kahirapan sa pag-unawa;
- Pag-i-schedule ng appointment sa isang partikular na panahon para tulungan ang isang pasyente na may diperensya sa pagkabahala na nahihirapang maghintay sa isang mataong silid ng hintayan; o
  - Pagbibigay ng tulong para matulungan ang isang pasyente na bulag na pumili ng pagkain sa linya ng kapiterya sa kilinika.

### **Anu-ano ang ilang halimbawa ng diskriminasyon na kaugnay sa kapansanan na maaaring malabag ang ADA?**

Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng diskriminasyon ang:

- **Inuutusan kang maghintay nang mas matagal** para masuri dahil mayroon lamang isang naa-access na silid ng eksaminasyon;
- **Inuutusan kang magsama ng tagapaglingkod** o kasama sa tanggapan ng iyong provider para tumulong sa pagbuhat, pag-unawa o pag-interpret (maliban lang kung gusto mo ito);
- **Pagtanggap pagsilbihan ka** dahil maaaring mas tumagal ang pagsusuri sanhi sa iyong kapansanan;
- **Pagsingil ng ekstrang bayad** para magbigay ng pag-i-interpret ng sign language kapag kinakailangan para sa mabisang pakikipag-ugnayan;
- **Pagbibigay ng mga limitadong petsa ng appointment o mga panahon sanhi sa kapansanan ng indibidwal;**
- **Tumatanggap magbigay ng mabisang tulong ng pakikipag-ugnayan** tulad ng iyong mga file na nasa panghaliling format o isang interpreter ng sign-language kapag inaapela ang pagtanggap ng health plan na pahintulutan ang paggagamot o kapag naghahain ng karaingan o reklamo sa isang health plan; o
- **Tumatanggap magbigay ng anumang impormasyon o tulong** sa mga miyembro ng plan na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa isang interpreter ng sign language sa



kanilang mga appointment, o para sa isang provider ng network na mayroong naa-access na kagamitan ng pagsusuri.

## **Ano ang gagawin ko kung nahihirapan ako sa pag-access sa aking provider ng pangangalagang pangkalusugan o health care plan sanhi sa aking kapansanan?**

Kung may mga problema sa pag-access, sa probisyon ng mga akomodasyon o pagkuha ng mga karagdagan bilang pantulong na ayuda at mga serbisyo (o anumang ibang anyo ng diskriminasyon) dapat mong simulang makipag-usap nang direkta sa iyong provider at/o health care plan. Bilang karagdagan, ang pampublikong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at malalaking pribadong pasilidad at mga plan ay dapat may koordinasyon ng ADA o Seksyon 504 na responsable sa pagtitiyak ng pagtalima sa batas at pag-aksyon sa mga reklamo ng mga consumer. Kung hindi mo ito malulutas sa provider o health care plan, maaari kang tumawag o maghain ng reklamo sa tagapagkoordinata ng ADA para sa entidad. Sino ang kokontakin at kung paanong maghain ng reklamo ay dapat maipaskil sa website ng plan, na ibinigay sa mga materyales na ibinigay sa iyo, o kumuha sa pamamagitan ng pagtawag sa mga serbisyo ng miyembro.

## **Saan ako maaaring maghain ng reklamo kung hindi ko ito malulutas?**

Kung hindi mo kayang lutasin ang iyong problema sa pampubliko o pribadong provider o sa opisyal ng pagtalima ng Seksyon 504 o ADA para sa provider, maaari kang maghain ng reklamo sa anumang numero ng mga ahensya ng estado at pederal na responsable sa pagpapatupad sa ADA at seksyon 504. Ang mga ito ay:

U.S. Department of Health and Human Services  
Office of Civil Rights (OCR)  
90 - 7<sup>th</sup> Street, Suite 4-100  
San Francisco, CA 94103  
Telepono: (415) 437-8310  
TDD: (415) 437-8311  
Fax: (415) 437-8329  
[www.hhs.gov/ocr/civilrights/complaints](http://www.hhs.gov/ocr/civilrights/complaints)

United States Department of Justice (DOJ)  
950 Pennsylvania Avenue, NW  
Washington, DC 20530

Disability Rights Section: (202)514-4713  
E-mail: [www.askDOJ@usdoj.gov](mailto:www.askDOJ@usdoj.gov)

California Department of Social Services (CDSS)  
Civil Rights Bureau (CRB)  
744 P Street, M.S. 15-70  
Sacramento, CA. 95814  
O tumawag nang collect sa (916)654-2107  
E-mail: [crb@dss.ca.gov](mailto:crb@dss.ca.gov)  
<http://www.cdss.ca.gov/>

Bilang karagdagan, responsable ang **California Department of Managed Care** sa pagkokontrol sa mga managed care plan. Kung mayroong kang reklamo tungkol sa mga serbisyo o pangangalaga, maaari kang maghain ng reklamo, humingi ng Independent Medical Review (IMR) o maghain ng patas na pagdinig, (kung tungkol sa Medi-Cal). Para sa higit na impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at paghahain ng mga reklamo, bisitahin ang:

California Department of Managed Care  
<http://www.dmhca.ca.gov/>.

Maaari ka lamang magkaroon nang **180 araw mula sa petsa ng diskriminasyon para maghain ng reklamo** sa naaangkop na ahensya ng estado o pederal. Magagawa mo ring maghain ng demanda laban sa provider; gayunman, dapat mong konsultahin ang isang abogado para sa higit na impormasyon.

**Saan ako maaaring kumuha ng marami pang impormasyon o ayuda kung kailangan ko ng tulong sa pag-access sa pangangalagang pangkalusugan?**

Disability Rights California  
[www.disabilityrightsca.org](http://www.disabilityrightsca.org)  
1-800-776-5746  
Disability Rights Education & Defense Fund  
[www.dredf.org](http://www.dredf.org)  
510-644-2555

*Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo,*

pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.

## MGA HULING TALA

---

- i Cal. Govt. Code § 11135; Pag-access ng ADA sa Medikal na Pangangalaga para sa Indibidwal na may mga Kapansanan sa Pagkilos (Hulyo 2010), DOJ, [http://www.ada.gov/medcare\\_mobility\\_ta/medcare\\_ta.htm](http://www.ada.gov/medcare_mobility_ta/medcare_ta.htm)
- ii Cal.Civ.Code § 51 (West).
- iii 28 C.F.R. §§ 35.160(2) & 35.104.
- iv Tingnan ang unang katanungan sa itaas para sa legal na pamantayan para sa isang entidad lamang ng Title III; gayunman, karamihan sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nasasaklawan sa ilalim ng Title II at/o pati na rin ang Seksyon 504.
- v 28 C.F.R. § 35.151 (Title II); 28 C.F.R. Part 36, Subpart D (Title III). Available ang mga regulasyon sa: <http://www.ada.gov/reg2.html> at <http://www.ada.gov/reg3a.html>; Cal.Govt.Code §§ 4450 *et seq.*
- vi 2010 ADA Standards for Accessible Design, ADA, [http://www.ada.gov/2010ADASTandards\\_index.htm](http://www.ada.gov/2010ADASTandards_index.htm).
- vii *Supra*, Endnote 1.
- viii *Id.*
- ix Pag-access ng ADA sa Medikal na Pangangalaga para sa Indibidwal na may mga Kapansanan sa Pagkilos, Malawakang Pananaw at Karaniwang mga Kinakailangan: Mga serbisyo at Pasilidad. *Tingnan ang Supra*, Endnote 5.
- x ADA Business Brief: Pakikipag-ugnayan sa Mga taong Bingi o Hirap sa Pagdinig sa mga Kaligiran ng Ospital (Octubre 2003), DOJ, <https://www.ada.gov/hospcombr.htm>
- xi *Supra*, Endnote 4.
- xii *Supra*, Endnote 10.
- xiii 28 C.F.R. 36.301(c). Ang provider ay hindi kailangang magbigay ng karagdagan bilang pantulong na ayuda o mga serbisyo kung maghihirang ito ng pahirap kung isasaalang-alang ang buong negosyo. Kahit na mas malaki ang gastos para sa isang pasyente kaysa sa reimbursement para sa isang partikular na pasyente, inaasahan na tatratuhin ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga gastos na ito bilang bahagi ng taunang overhead ng pagpapatakbo ng negosyo. Mga katanungan at Kasagutan para sa mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan,

National Association of the Deaf, <http://www.nad.org/issues/health-care/providers/questions-and-answers>.

<sup>xiv</sup> *Supra*, Endnote 10.

<sup>xv</sup> Checklist ng ADA: Mga pasilidad ng Pangangalagang Pangkalusugan at mga Service Provider: Pagtitiyak ng Pag-access sa mga Serbisyo at Pasilidad ng mga Pasyente na mga Bulag, Pipit-Bingi, o May pinsala sa Paningin, American Foundation for the Blind, <http://www.afb.org/section.aspx?FolderID=3&SectionID=3&TopicID=32&DocumentID=529>.

<sup>xvi</sup> *Supra*, Endnote 3.

---

Gusto naming makabalita sa iyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga publikasyon at ipalam sa amin kung ano ang lagay namin! [\[Kunin ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tawagan ang 800-776-5746 o kumpletuhin ang [form ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa lahat ng ibang layunin tumawag sa 916-504-5800 (Northern CA); 213-213-8000 (Southern CA).

*Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*